



UGNAYAN

Tatlong Buwanang Lathalaing ng Extension Services, Cavite State University, Indang, Cavite

TOMO XVI BILANG 1

ENERO - MARSO 2018

ES, ipinakita ang mga teknolohiya sa Cavite

Ipinakita ng *Cavite State University Extension Services* (CvSU-ES) ang mga teknolohiya at iba pang aktibidad ng mga *Farmers Information and Technology Services* (FITS) Center sa Cavite noong Pebrero 12-14 kasabay ng pagdiriwang ng ika-112 anibersaryo ng pagkakatatag ng CvSU na may temang "*Transformation to a Global University*".

Ang mga FITS center ay inimitahan na lumahok sa isinagawang *Trade Fair and Exhibit* na pinamahalaan ng *Office of the Vice President for Research & Extension* (OVPRE). Nakilahok ang mga FITS Center ng Amadeo, Gen. Aguinaldo, Maragondon, Imus City, Indang, Tanza, Dasmariñas City, Bacoor City, Alfonso, Mendez at *Office of Provincial Agriculture* (OPA) ng Cavite.

Lumahok din sa nasabing exhibit ang mga sumusunod na kolehiyo: *College of Education* (CEd), *College of Agriculture, Forestry, Environment and Natural Resources* (CAFENR), *College of Criminal Justice* (CCJ), *College of Economics, Management &*



(Kaliwa) Ang booth ng FITS Tanza at (kanan) Si Pres. Robles kasama ang ibang opisyal at mga tauhan ng FITS Tanza na nanalo ng BEST BOOTH



Development Studies (CEMDS), at *College of Nursing* (CON). Sumali rin sa exhibit ang mga kampus ng CvSU sa Cavite City, Naic, Carmona, Trece Martires City, Tanza at Gen. Trias City (T3), at Rosario. Nagbenta ang *Office of Business Affairs* (OBA) ng mga produktong gawa sa *Food Processing Center* tulad ng *banana chips*. Samantala, nagpatikim naman ng libreng kape ang *National Coffee Research Development & Extension Center* (NCRDEC) at nagbenta ng Aguinaldo Blend.

Naging bahagi rin ng gawain sina G. at Gng. Bien Rodil, mga residente ng Tambong Kulit, na gumamit ng teknolohiya

na itinuro ng *Extension Services*. Sila ay dumalo sa isinagawang pagsasanay sa pagpoproseso ng mga prutas at gulay sa pangunguna ni G. Elvira B. Perlado, *Home Management Technician* (HMT) ng unibersidad. Ipinakita nila ang gawang produkto na atsarang papaya at iba pa.

Sundan sa p. 2

Proyektong BATAS ng CCJ, muling inilunsad

Inilunsad at sinimulan ang ikatlong bahagi ng proyektong Barangay Aktibo Tungo sa Alternatibong Solusyon (BATAS) ng *College of Criminal Justice* bilang bahagi ng programang 7K Advocacy: Kababayan Kong Kaagapay sa Kaalaman at Kasanayan Kontra Krimen.

Ang pagsasanay ay mayroong apat na modyul katumbas ng 12 sesyon na dinaluhan ng kapitan at kalihim ng mga



Dr. F. Matic habang nagpapaliwanag ng pangkalahatang ideya tungkol sa Philippine Criminal Justice System



Mga Nilalaman

Gawaing pang-ekstensyon, inilathad sa 13 FM	2
Ersando, dumalo sa pagsasanay sa DA-ATI	2
Robert P. Arahan, MS ng FITS Tanza	3
CEMDS-MSP, nagpatuloy sa pagbibigay ng kasanayang pangkabuhayan	4
CAS, bahagi ng CCJ training-of-trainers workshop	4
Mga proyekto ng ARM, Isinagawa	5
NCRDEC, nagsagawa ng farm assessments sa Quezon	5
Pagsasanay sa pagpoproseso ng sayote, isinagawa	6
Kaalaman sa halamang gamot, ibinahagi ng CAS-DPS	6

MGA BALITA

Gawaing pang-ekstensyon, inilahad sa 13 FM

Inilahad ni Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng *Extension Services*, sa 13 FITS *Manager* ang mga gawain ng *Extension Services* ng *Cavite State University* (CvSU) noong ika-5 ng Pebrero.

Layunin ng gawaing ito na makipagtulungan ang nabanggit na opisina sa aspeto ng mga teknikal na serbisyo, pagsasanay, tekno-demo at iba pang gawaing pang-agrikultura. Bilang *Partner Member Agency* (PMA) sa *Techno Gabay Program* (TGP) ng *Department of Agriculture - Agricultural Training Institute* (DA-ATI) at *Office of Provincial Government* (OPG), nakatalagang hikayatin ng CvSU, sa pangunguna ni Gng. Lorna C. Matel, ang *local government units* (LGUs) sa Cavite na magtatag ng mga *Farmers' Information and Technology Services* (FITS) *center*. Sa kasalukuyan, may 13 FITS *Center* sa Cavite. Makikita ang mga ito sa *Office of Provincial Agriculturist* (OPA), Maragondon, Imus City, Dasmariñas City, Tanza, Amadeo, Naic, Mendez, Bacoor City, Magallanes, Indang, Alfonso at Gen. Aguineldo.



Si Dr. Novicio at Gng. Matel kasama ang mga FITS manager ng Cavite

Kasabay sa ginanap na pulong, tinalakay din ang partisipasyon ng mga *center* sa 112th *Foundation Day* ng unibersidad kung saan ipinakita ang mga teknolohiya, mga natatanging kasanayan at produkto sa kanilang nasasakupan. (LCMatel)

Ersando, dumalo sa pagsasanay sa DA-ATI

Dumalo si G. Joselito F. Ersando, *Agricultural Technician I* ng *Cavite State University Extension Services Center* (CvSU-ES) sa "*Training of Trainers on Project Planning and Development*" ng *Department of Agriculture - Agricultural Training Institute* (DA-ATI) mula Pebrero 26 hanggang Marso 2 na ginanap sa Balay Sadyaya Resort, Sariaya, Quezon.

Ang pagsasanay ay dinaluhan ng mga kawani mula sa mga panlalawigang tanggapan ng Agrikultura at Beterinaryo ng Cavite, Batangas, Rizal, Laguna at Quezon. Dumalo rin sa pagsasanay ang mga kinatawan ng *state universities and colleges* (SUCs) tulad ng *Batangas State University* (BatSU), *Philippine Normal University - Quezon* (PNU) at *Cavite State University* (CvSU). Layunin ng nasabing pagsasanay na makabuo ng isang grupo na magsisilbing *trainors* o tagapagsanay sa



Si G. J. F. Ersando ay tumanggap ng sertipiko ng pagtatapos mula kay Gng. Cosico ng DA-ATI (itaas) at habang nagsasagawa ng workshop (ibaba)



project planning and development. Nakapaloob dito ang *community immersion* na isinagawa sa mga bayan ng Pili at Sariaya kung saan kinausap nila ang 10 magsasaka ng isang barangay.

Ilan sa mga paksang tinalakay ay ang mga sumusunod: *Participatory Rapid Appraisal and Stakeholder Analysis; Problem and Objective Tree and Alternative Analysis, Selection of Project Concept Through Multi-Criteria Evaluation, Logical Framework Approach and Risk Analysis, Evaluation Tools, Technical Writing Tools and Techniques at Packaging and Design of Proposal*.

Samantala, ang mga naging tagapagsalita sa ginanap na pagsasanay ay sina Dr. Franklin Isip, Ms. Teresa Jane Cajarte, Ms. Donna Ronquillo, G. Nelson Aman Jr., Ms. Laurece Francia Tanyag at Engr. Allan del Socorro. (KBarandia)

ES, ipinakita... mula sa p. 1

Nanguna sa parangal bilang *FITS Best Booth* ang FITS TANZA, pangalawa ang FITS Maragondon, at pangtatlo ang FITS Gen. Aguineldo. Ilan sa mga ginamit na pamantayan ay ang pagpapakita ng mga teknolohiya na isinasagawa ng kanilang mga Magsasaka Syentista (MS) at mga produktong kanilang ani sa bukid.

Samantala, nagwagi sa unang pwesto ang CvSU Carmona bilang *Best Booth* ng mga kolehiyo at kampus, sunod ang CAFENR at ikatlo ang CCJ.

Ang mga nagwagi ay tumanggap ng kaukulang premyo. Nagsilbing hurado sina

Dr. Adolfo C. Manuel, direktor ng *Institutional Development Office* (IDO), Dr. Mary Jane D. Tepora, direktor ng *Human Resources Development Office* (HRDO), Dr. Julio G. Alava, bise presidente para sa *External and Business Affairs* (EBA), Gng. Lolita G. Herrera, direktor ng *Financial Management Office* (FMO), at Dr. Ruel M. Mojica, bise presidente para sa *Research & Extension* (OVPRE).

Ang matagumpay na pagdiriwang ng *Foundation Day* ay pinangunahan ng *Office of the Vice President for Administrative and Support Services* (OVPASS) na pinamumunuan ni Dr. Henry O. Garcia. (KBarandia)



Sina Gng. L. Matel at E. Perlado kasama sina G. at Gng. Bien Rodil, isa sa mga nag-exhibit at technology adopters na tinulungan ng ES

BALITANG LATHALAIN

ROBERT P. ARAHAN, Magsasaka Siyentista ng FITS Tanza

2015 Natatanging Magsasaka Siyentista ng Rehiyon IV-A

Si G. Robert P. Araham ang itinalaga ng *Department of Agriculture - Agricultural Training Institute* (DA-ATI) upang maging Magsasaka Siyentista (MS) ng *Farmers' Information and Technology Services* (FITS) Center ng bayan ng Tanza, Cavite noong Oktubre 3, 2015. Siya ang napili at nanguna sa ebalwasyon na isinagawa ng DA-ATI at *Southern Tagalog Agriculture and Aquatic Resources Research and Development Consortium* (STAARRDEC).

Ang MS o *farmer-scientist* ay isang magsasaka na naging matagumpay sa paggamit ng mga pamamaraan base sa siyensya at makabagong teknolohiya na isinasagawa sa kanyang sakahan. Ang MS ay itinuturing na kaagapay ng *Techno Gabay Program* (TGP) sa pagbabahagi ng kaalaman at karanasan sa nasabing programa.

Bahagi ng mga katungkulan ng MS ay maging *resource person* sa mga aktibidad ng TGP, magsagawa ng natatanging teknolohiya sa sakahan na maaaring ipakita sa mga nagpupunta o bumibisita sa taniman, magbahagi ng kaalaman sa kapwa magsasaka, at magsagawa ng pag-aaral o eksperimento ng mga makabagong teknolohiya na natutunan sa pagdalo sa mga *seminar* at pag-iikot sa iba't-ibang makabagong sakahan.

Si G. Araham, Obet sa mga kamag-anak at kaibigan, ay nagsisimulang magtrabaho sa kanyang 2.7 ektaryang sakahan mula alas-dos ng umaga dala ang kanyang *extension light* na nagsisilbi niyang liwanag. Ang sakahan ay matatagpuan sa Barangay Punta II, Tanza, Cavite.

Gamit ang *rice-based integrated farming system*, malaking bahagi ng sakahan ay natataniman ng palay, samantalang sa ibang bahagi ay mga gulay at punong namumunga ng prutas ang makikita. Mayroon ding palaisdaan, mga alagang pato at iba pang hayop. Mga natural o organikong pataba na kanyang ginagawa tulad ng *fish amino acid* (FAA), *fermented plant juice* (FPJ), *fermented fruit juice* (FFJ), *lactic acid basic solution* (LABS), *indigenous microorganism* (IMO), at *vermi tea* ang kanyang ginagamit sa taniman.

Si G. Araham ay isinilang noong Agosto 24, 1966 sa Tanza, Cavite ng kanyang ina,



Si G. Araham habang tinatanggap ang parangal mula sa mga opisyal ng DA-ATI kasama si Gng. Vilma Constante ng FITS OPA Cavite at mga tauhan ng FITS Tanza

Gng. Librada P. Araham at ama, G. Santiago A. Araham na isa ring *outstanding farmer* noong kanyang kapanahunan. Si Obet ay nagtapos ng *Electrical Technology* sa *Guzman Institute of Technology* noong 1987. Nag-aral din siya ng *Basic Seaman Course* sa *Columbia Institute* at *ducking* o *aircon technician*. Nagtrabaho siya sa Saudi Arabia bilang *building electrician* at *duckman*. Nagtrabaho rin siya sa CEPZA bilang *electrical maintenance technician* kung saan niya nakilala ang kanyang asawa na si Marites hanggang sa magkaroon ng apat na anak. Pumasok siya sa Jolibee bilang *service crew* habang nagtatrabaho rin sa bukid. Dito niya napagtanto na mas malaki ang kita sa pagsasaka.

Dumalo si G. Araham sa mga *seminar* at pagsasanay tulad ng *Business and Technology Exchange Program* for Magsasaka Siyentista, *Farmers' Field School for Organic Vegetable Production*, *Training on Good Agricultural Practices for Rice cum Organizational Development Workshop for Farmer Leaders*, at *Experiential Learning Course on Good Agricultural Practices* for Magsasaka Siyentista.

Maraming parangal na rin ang kanyang natanggap at ilan dito ay ang "Model Farmer 2015" ng Munisipalidad ng Tanza, "Outstanding Farmer ng Tanza" noong 1999, at "Natatanging Mag-aaral ng Radyo Eskwela – Palay Check: Gabay sa Pagpapalayang Korek!" sa Radyo DZJV noong 2010.

Taong 2015 nang si G. Araham ay pinarangalan bilang Natatanging MS sa buong Rehiyon IV-A. Ang parangal ay ipinagkaloob sa ginanap na taunang TGP *Regional Summit* sa J.E. Camp, Hotel and



Si G. Araham sa kanyang rice-based farming na sakahan kasama ang kanyang asawa

Resort, Brgy. Sampaloc, Tanay, Rizal noong Nobyembre 24-25, 2016.

Siya ay naging kaagapay sa pagsasagawa ng *Farmers' Field School* (FFS) on *Palaycheck System* sa ilalim ng *National IPM Program* (KASAKALIKASAN) noong 2009 sa Punta, Tanza, Cavite. Naging benepisyaryo din siya ng proyektong "Plant Now, Pay Later" ng ikalawang distrito ng Cavite.

Bilang MS, aktibo siya sa pagtataguyod ng FITS center at katuwang ng FITS Tanza sa pagtuturo at pagpapalaganap ng kaalaman at teknolohiya na ginagamit niya sa kanyang sakahan. Bukas din ang kanyang bukid sa mga lakbay-aral.

Sa kasalukuyan, ang kanyang sakahan ay itinalagang *learning site* ng *School for Practical Agriculture* ng DA-ATI Rehiyon IV-A sa larangan ng pagtatanim ng palay at dito isinasagawa ang mga pagsasanay ng ahensya sa Cavite. Siya rin ay aktibong miyembro ng *Municipal Agriculture & Fishery Council* (MAFC) ng Tanza, *Farmers Association* ng Tanza at *Sinag Cooperative* sa kanilang bayan. (MBEugenio)

MGA BALITA

CEMDS-MSP, nagpatuloy sa pagbibigay ng kasanayang pangkabuhayan

Nagpatuloy sa pagbibigay ng kasanayang pangkabuhayan sa mga miyembro ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) at Persons With Disability (PWD) ng Barangay Kayquit 2 ang *Community Empowerment, Mobilization and Development Support (CEMDS) Services in Selected Barangays in Indang, Cavite: A Multi-Stakeholder Partnership (MSP)*, programang pang-ekstensyon ng *College of Economics, Management and Development Studies*.

May 36 na katao ang nagsanay sa paggawa ng *dishwashing liquid at fabric conditioner* na idinaos noong Disyembre ng nakaraang taon sa *Bicol Region* ng Barangay Kayquit 2, Indang, Cavite at 26 naman sa



Mga dumalo sa pagsasanay sa paggawa ng *dishwashing liquid at fabric conditioner*, at paggawa ng *chocolate candy*

paggawa ng *chocolate candy* na ginanap noong ika-7 ng Pebrero.

Ang mga pagsasanay na nabanggit ay isinagawa sa pangunguna ng *Extension Team* at mga guro ng kolehiyo sa pakikipag-ugnayan sa tanggapan ng *Provincial Social Welfare and Development (PSWD)* ng Cavite. (NEFeranil)

CAS, bahagi ng CCJ Training-of-Trainers Workshop

Sa pangunguna ni Prop. Renato T. Agdalpen at Bb. Anna Michelle G. Ramos ng Departamento ng mga Agham Panlipunan at Humanidades, naging bahagi ang *College of Arts and Sciences* ng programang pang-ekstensyon ng *College of Criminal Justice (CCJ)* na pinamagatang "7K Advocacy: Barangay Aktibo Tungo sa Alternatibong Solusyon (BATAS)" bilang

mga panauhing tagapagsalita sa naganap na *training-workshop* noong ika-20 at 27 ng Pebrero, 2018 sa CvSU Hostel Tropicana.

Ang naturang serye ng *training-workshop* ay inilaan para sa mga punong-barangay at kalihim sa bayan ng Indang. Bahagi ng naturang *training-workshop* ay ang pagtalakay nina Prop. Agdalpen at Bb. Ramos tungkol sa epektibong komunikasyon

at paraan ng pagresolba ng mga suliranin sa komunidad. Sinundan ito ng isang *workshop* kung saan ang mga kalahok ay lumikha ng mga mungkahing pamamaraan ng pagresolba ng anumang sigalot sa mga barangay na kanilang kinabibilangan at kinasasakupan bilang pinuno. (RTAgdalpen)

Proyektong BATAS... mula sa p. 1

barangay. Ang mga naturang modyul ay naaayon sa ginawang pag-aaral ng kolehiyo kaugnay ng mga kaalaman at kasanayan na dapat ay mayroon ang bawat opisyal ng barangay upang mas lalong paigtingin ang serbisyo sa bayan at maisaayos ang pagbibigay ng lokal na hustisya sa mamamayan.

Hinati sa tatlong pangkat ang mga kasali sa nasabing pagsasanay. Ang una ay binubuo ng mga kapitan at kalihim ng barangay, ikalawa ay mga *Violence Against Women (VAW) desk officers* at *peace officers*, at ang ikatlo ay mga kababaihang kasapi sa lupong tagapamayapa. Ang bawat pangkat ay sasailalim sa isang pagsasanay na aabot ng tatlo hanggang apat na buwan. Layunin din ng proyektong ito na makabuo ng pangkat ng mga tagapagsanay na siyang gagawing kinatawan ng *7K Advocacy Program* sa gagawing pagsasanay sa susunod na mga pangkat.

Sa mga pagsasanay na isinagawa noong Enero at Pebrero, tinalakay ni Dr. Susan G. Tan, *extension coordinator* ng CCJ,

ang Barangay *Protection Order*. Ipinakilala rin niya ang samahang "*Men Oppose Violence Everywhere*" (MOVE) na pinangungunahan ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD)*. Layunin ng samahang ito na imulat ang mga kalalakihan sa mga karahasang dinaranas ng kababaihan. Tinalakay naman ni Dr. Nelia C. Cresino, direktor ng *Gender and Development (GAD) Resource Center*, ang *Basic GAD Orientation at Gender Analysis Tool*.

Samantala, nauna nang isagawa noong Disyembre ang mga sesyon tungkol sa "Katarungang Pangkrimen" at "Karapatang Pantao" sa pangunguna nina Dr. Famela Iza Cabe-Matic, dekanang CCJ, at Atty. Jordan Teano ng Cavite *Provincial Prosecutor's Office*. Sa nasabing sesyon, ipinaliwanag ang mga sistema ng pagsasakatuparan ng iba't-ibang institusyon ng pamahalaan sa pagtataguyod ng kontrol na panglipunan, pagpigil at paghupa ng krimen, at pagtatakda ng kaparusahan sa tao na lumalabag sa mga batas sa pamamagitan ng mga multa o parusang pangkrimen at pangrehabilitasyon.

Sa nalalapit na pagtatapos ng unang pangkat ay inaasahang mas mapapaigting ang serbisyo sa bayan at maisasaayos ang pagbibigay ng lokal na hustisya sa bawat mamamayan ng Bayan ng Indang. (FCMatic at SGTan)



Si Dr. Susan Tan habang tinatalakay ang konsepto ng R.A. 9262



Si Atty. Jordan Teano habang nagpapaliwanag tungkol sa human rights and peacekeeping

MGA BALITA

Mga proyekto ng ARM, isinagawa

Upang mas pagtibayin ang ugnayang pangkomunidad, inilunsad ng *Cavite State University* (CvSU) Carmona campus, sa pangunguna nina Prop. Cristina M. Signo, campus dean at G. Jonnel V. Ocampo, campus extension coordinator, ang iba't-ibang proyekto sa ilalim ng programang *Accessing community, Rendering services and Maintaining relationships* (ARM) na ginanap sa Carmona Market Road, Brgy. Maduya, Carmona, Cavite.

Ang ARM ay isang komprehensibong programa ng CvSU-Carmona sa pakikipagtulungan ng Sangguniang Barangay ng Maduya at lokal na pamahalaan ng Carmona na pinagtibay ng *Memorandum of Agreement* (MOA) noong Mayo 16, 2017. Ito ay naglalayong matulungan ang mga mamamayan ng barangay sa ilang aspeto ng kanilang pamumuhay.

Kabilang sa programang inilunsad ang mga pagsasanay at seminar tungkol sa pagnenegosyo, kompyuter, edukasyon, kabuhayan at teknikal na kakayahan. Ito ay ang mga sumusunod: 1) Barangay Entreprenyur, pagsasanay sa paggawa ng *homemade donut* na dinaluhan ng 15 kasapi ng Samahan ng Nagkakaisang Kababaihan ng Carmona na ginanap sa HRM laboratory ng kampus mula Nobyembre 30 hanggang Disyembre 15; 2) Basura ko, Ayos ko, pagsasanay sa paggamit ng "*Bio-Waste Shredder Machine*" na makakatulong sa pagpapabilis ng *decomposition* ng mga



Sina Prof. Cristina M. Signo (kaliwa) habang nagbibigay ng kanyang mensahe at G. J. V. Ocampo (kanan) na nagpapaliwanag ng mga pagsasanay na isasagawa



Mga larawan na nagpapakita ng iba't-ibang pagsasanay na isinagawa ng CvSU Carmona sa Brgy. Maduya tulad ng paggawa ng homemade donuts, paggamit ng bio-waste shredder machine, project kompyuter at basic appliance repair

nabubulok na basura na isinagawa sa *barangay hall* ng Maduya noong Disyembre 1; 3) *Project Kompyuter*, pagbibigay ng dagdag-kaalaman sa mga *Barangay Health Worker* (BHW) at *Family Health Worker* (FHW) tungkol sa paggamit ng teknolohiya upang makatulong sa kanilang pagbabantay ng kalusugan; at 4) *Kakayahang Teknikal* Tungo sa Magandang Kinabukasan, isang pagsasanay sa mga pangunahing kakayahang pangteknikal na dinaluhan ng mga nagnanais makahanap ng trabaho na ginanap sa CvSU-Carmona noong Disyembre 1-15.

Ipinakilala rin ang RISA o *Respiratory Illnesses Symptom Assistant*,

isang *mobile application* na ginagamit sa pagtukoy ng mga sintomas ng karamdamang may kinalaman sa *respiratory system* ng tao. Itinuro rin sa mga residente ang sistema para sa pagkuha ng *business permit*.

Sa huling araw ng proyekto noong Disyembre 15, nagkaroon ng pagbabalik-tanaw at pagbibigay-halaga sa kanilang mga ginawang pagsasanay. Naniniwala ang bawat isa na mas mapapalawig pa nito ang ugnayan ng dalawang institusyon at mabubuksan pa ang maraming oportunidad para sa mga mamamayan ng Carmona. (JV Ocampo)

NCRDEC, nagsagawa ng farm assessments sa Quezon

Nagsagawa ng *farm assessment* ng mga taniman ng kape ang *National Coffee Research Development and Extension Center* (NCRDEC) ng *Cavite State University* (CvSU) noong Marso 19-20 sa siyam na barangay ng Guinayangan, Quezon sa pakikipagtulungan ng *International Institute of Rural Reconstruction* (IIRR).

Ang *assessment* ay isinagawa ng NCRDEC upang malaman ang posibilidad ng pagkakapehan sa mga lugar na sakop ng proyekto ng IIRR sa sumusunod na mga barangay: San Antonio, San Roque, Gapas, Sta. Cruz, Himbubulo West, Magsaysay, Dungawan Pantay, Ermita at Dungawan Central.

Ang kape, gamit ang *climate smart agriculture*, ay isa sa mga pananim na itinataguyod at gustong paunlarin ng IIRR sa mga magsasaka ng Guinayangan. Sa ginawang *assessment*, isinaalang-alang ng

grupo ang kasalukuyang pananim na matatagpuan sa lugar, ang *physical geographical features*, pinagkukuhanan ng tubig, at iba pang *relevant attributes*. Ang grupo ay nagsagawa din ng *soil sampling* sa mga barangay ng Sta. Cruz, Dungawan Central, San Roque at San Antonio na idaraan sa pagsusuri sa laboratoryo.

Samantala, ang mga miyembro ng *Guinayangan Coffee Growers Association* ay nagkaroon ng pagkakataon na ipabatid at mapag-usapan ang ilang mga katanungan tungkol sa pagkakapehan sa isang malayang talakayan (*focused group discussion*) na inorganisa ng *Municipal Agricultural Office* ng Guinayangan.

"Ang pagkakape ay isang uri ng pag-aalkansiya," ang sabi ni G. Diloy, habang ipinapaliwanag na Sundan sa p. 6



Si G. Diloy kasama ang mga tauhang ng IIRR sa ginanap na site assessment sa Gapas, Guinayangan



Si G. Diloy sa ginanap na talakayan kasama ang mga magsasaka ng kape sa Guinayangan

MGA BALITA

Pagsasanay sa pagproseso ng sayote, isinagawa

Isinagawa ng *Extension Services (ES) Center* ng *Cavite State University (CvSU)* ang isang pagsasanay sa pagpoproseso ng sayote sa *basketball court* ng Bgy. Marahan II, Alfonso, Cavite noong Marso 15. Ito ay tugon sa hiling ni G. Restituto Dumdum, presidente ng Kaagapay sa Gawaing Pampamayanan (KGP), organisasyon sa nasabing barangay. Ang naturang pagsasanay ay dinaluhan ng 40 nilang miyembro.

Sa programang ginanap, nagbigay ng mga mensahe sina G. Dumdum at Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng *Extension Services*.

Nagsilbing tagapagsanay si Gng. Elvira B. Perlado, *Home Management Technician (HMT)* ng CvSU. Tinalakay ni Gng. Perlado kung ano ang mga kailangan at kung paano ihanda at lutuin ang atsarang sayote, sayote *jelly*, sayote *chips* at sayote kendi. Ipinakita niya ang tamang pamamaraan sa paggawa ng mga produktong nabanggit.

Binigyan ng sertipiko ng partisipasyon ang lahat ng dumalo sa pagsasanay.



Si Gng. Perlado kasama ang mga miyembro ng KGP na nagsanay sa Marahan II, Alfonso, Cavite

Nagbigay ng pananalita ng pasasalamat si G. Domingo Dimapilis, bise presidente ng organisasyon.

Isa sa mga mandato ng opisina ng *Extension Services* ang maitaas ang antas ng pamumuhay ng mamamayan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagsasanay at *seminar*. Ang pagsasanay ay isinagawa sa pangunguna nina Dr. Novicio, Gng. Lorna C. Matel, Bb. Julita M. Mojica at Gng. Bernadette S. Amparo. (BSAmparo)



Si Gng. Perlado habang nagpaliwanag ng proseso sa paggawa ng mga produktong gagawin mula sa sayote

Kaalaman sa halamang gamot, ibinahagi ng CAS-DBS

Nagsagawa ang *College of Arts and Sciences – Department of Biological Sciences (CAS-DBS)*, sa pangunguna nina Prop. Dickson N. Dimero, puno ng departamento, at Bb. Liwayway P. Taglinao, *department extension coordinator*, ng gawaing pang-ekstensyon sa Guyam Munti, Indang, Cavite noong Pebrero 28.

May temang “KATI at KAMOT: Ginawa ang Dulot ng Halamang Gamot”, ibinahagi nina Bb. Sherine M. Cruzate at G. Lloyd O. Balinado, mga guro ng DBS, ang kanilang mga kaalaman at natuklasan sa isinagawang pananaliksik tungkol sa iba’t-ibang sakit na sanhi ng *fungus* tulad ng buni at alipunga, at kung paano ito maiiwasan at gagamutin gamit ang mga halamang gamot na matagpuan lamang sa paligid. Ang aktibidad na ito ay bahagi ng proyektong BIO (*Building Communities, Improving Health and*



Si Dr. Bettina Joyce P. Ilagan, dekanang CAS, kasama ang mga dumalo sa isinagawang aktibidad

Organizing the Environment).

Sa pangunguna ni G. Marcelino R. Cruzada, punong barangay, 45 residente ang dumalo sa *seminar*. Kabilang rin sa mga dumalo si Dr. Bettina Joyce P. Ilagan, dekanang CAS, at mga guro ng departamento. (LPTaglinao)

NCRDEC... mula sa p. 5

malaki ang posibilidad na ang pagkakapehan ay makakatulong sa pag-unlad ng buhay ng mga magsasaka. Kanya ding ipinabatid ang pananaw at uri ng trabaho ng NCRDEC sa pagtulong sa mga nagtatanim ng kape.

Kasama sa grupo ng NCRDEC sina G. Rodrigo H. Diloy, *Training Specialist II* ng *Cavite State University (CvSU)*, Engr. Al Eugene L. Torres, Antonette Jean L. Magcamit at Kris Rowell S. Garcia, mga *Research Assistant*. Samantala, ang IIRR ay binubuo nina Dr. Julian Gonsalves, *IIRR Senior Advisor*, G. Rene Vidallo, *IIRR Program Director* at G. Rico V. Locaba, *Quezon Learning Community Project Manager*. (AJLMagcamit)

UGNAYAN

Tagapamahaling Patnugot

Lady Aileen A. Orsal

Katulong na Patnugot

Melinda B. Eugenio

Mga Kontribyutor

Renato T. Agdalpen

Bernadette S. Amparo

Khay B. Arandia

Nelia E. Feranil

Antonette Jean L. Magcamit

Lorna C. Matel

Famela Iza C. Matic

Jonnell V. Ocampo

Liwayway P. Taglinao

Susan G. Tan

Mga Editoryal Konsultant

Dr. Yolanda A. Ilagan

Dr. Ruel M. Mojica

Dr. Hernando D. Robles

Opisinang Pang- editoryal

Knowledge Management Center

5th Flr. Ladislao Diwa Library and Museum Bldg.

Cavite State University

Indang, Cavite

Telepono ☎ (046) 4150212